



Visa ng Estudyante

Pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19

Kahit pa wala kang visa, o hindi sigurado sa katayuan ng visa, kailangan mong sumunod sa mga tagubilin ng pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang gobyerno ng mga estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19.

- [Kabiserang Teritoryo ng Australia](#)
- [New South Wales](#)
- [Hilagang Teritoryo](#)
- [Queensland](#)
- [Timog Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Kanluraning Australia](#)

Mayroon akong visa ng Estudyante

Nagsasagawa ng naibabagay na pagtugon kaugnay sa mga kondisyon ng visa ng estudyante kung saan napigil ng COVID-19 at mga paghihigpit sa pagbibiyaha na matugunan ang mga kondisyon ng visa, tulad ng pagdalo sa klase o paggamit ng pag-aaral online.

Kung matatapos na ang iyong pag-aaral sa Australia, at hindi ka nakaalis sa Australia, kailangan mong mag-apply ng isa pang visa bago lumipas ang iyong visa ng Estudyante.

Sa ilalim ng batas sa migrasyon ng Australia, imposibleng bigyan ng palugit ang isang visa ng Estudyante.

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa kung:

- hindi ka makauwi sa iyong bansa at lilipas na ang iyong visa o
- kailangan mo ng mas mahabang panahon sa Australia para makumpleto ang iyong kurso.

Kung nagpapatuloy ka ng pag-aaral sa Australia, kailangan mong mag-apply ng bagong visa ng Estudyante anim na linggo bago lumipas ang kasalukuyan mong visa ng Estudyante.

Kung matatapos na ang iyong pag-aaral sa Australia ngunit hindi ka makaalis sa Australia, kailangan mong mag-apply ng iba pang visa bago lumipas ang iyong visa ng Estudyante.

Depende sa iyong mga sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa [visa ng Bisita \(subclass 600\)](#).

Maaaring naapektuhan ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso sa aplikasyon ng visa at nagiging hindi available ang mga serbisyo. Kabilang na rito ang mga panel doctor na nagsasagawa ng mga pagsusuring medikal, mga pasilidad sa pagbibigay ng pagsusulit sa wikang Ingles at pagkuha ng biometric. Habang hindi

available ang mga serbisyong ito, maraming aplikante ang hindi makakatugon sa mga kailangan sa visa. Bibigyan ang mga mag-aaral ng karagdagang panahon para kumpletuhin ang mga kinakailangang ito at magbigay ng mga hinihinging impormasyon.

Kapag gumawa ka ng bagong aplikasyon bago lumipas ang kasalukuyan mong visa, maaari kang makatanggap ng bridging visa para manatiling legal habang tinutugunan ang lahat ng kinakailangan.

Pagkuha ng visa ng estudyante

Kung 'walang sesyon' sa iyong kurso

Maaari kang magtrabaho nang walang limitasyon kung itinuturing na 'walang sesyon' sa iyong kurso. Itinuturing na 'walang sesyon' ang mga kurso kapag nasa naka-iskedyul na break ng kurso o kung natapos na ng mag-aaral ang kaniyang kurso gaya nang naka-iskedyul.

Kung nag-aaral ka ng masters sa pamamagitan ng pananaliksik o doktoradong kurso

Kung nasimulan mo na ang pag-aaral ng masters sa pamamagitan ng pananaliksik o doktoradong kurso, maaari kang magtrabaho nang walang limitasyon sa oras.

Kung ipinagpaliban ang iyong kurso

Maaari kang magtrabaho nang mahigit sa 40 oras kada dalawang linggo kung ipinagpaliban ang iyong kurso.

Pansamantalang pagluluwag sa mga oras ng trabaho ng mga may-ari ng visa ng estudyante

Pansamantalang pinapayagan ang ilang may-ari ng visa ng estudyante na magtrabaho nang mahigit sa 40 oras kada dalawang linggo kung sila ay:

- nagtatrabaho sa sektor ng kalusugan, naka-enrill sa kursong may kaugnayan sa kalusugan (tulad ng nursing o medisina) at inatasan ng opisyal ng kalusugan na tumulong sa pagsisikap na labanan ang COVID-19
- nagtatrabaho para sa pangangalaga ng matanda sa isang Aprubadong Tagapagbigay o tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalaga sa matanda na pinondohan ng Komonwelt
- nagtatrabaho sa isang rehistradong tagapagbigay ng Pamamaraan sa Pambansang Insurance sa Kapansanan.

Angkop lamang ang mga pansamantalang pag-aayos sa mga may-ari ng visa ng estudyante na nagtatrabaho sa mga sektor na ito. Tingnan ang [Pansamantalang pagluluwag sa mga oras ng trabaho ng mga may-ari ng visa ng estudyante](#).

Kailangang sumangguni ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalaga sa matatanda sa sulat na ibinigay sa kanila ng Kagawaran ng Kalusugan para sa higit pang detalye. Kailangang sumangguni ng mga rehistradong tagapagbigay ng Pamamaraan sa Pambansang Insurance sa Kapansanan sa sulat na ibinigay sa kanila ng Komisyon sa NDIS para sa karagagang impormasyon.

Kailangan pa ring sumunod ng mga employer sa lahat ng kaugnay na batas sa lugar ng trabaho sa Australia. Ang mga nagtatrabaho sa ibang bansa, kabilang ang mga internasyonal na mag-aaral, ay may kaparehong mga karapatan na katulad ng lahat ng iba pang empleyado batay sa batas sa lugar ng trabaho sa Australia.

Mga kinakailangan sa pag-aaral sa Australia

Walang regulasyon ang Kagawaran sa Gawaing Pantahanan sa mga kinakailangan sa mode ng pag-aaral.

Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng edukasyon.

Mangyaring sumangguni sa [Pinagsamang pahayag ng TEQSA at ASQA kaugnay ng naibabagay na paghahatid.](#)

Para sa mga pahintulot na dulot ng mga paghihigpit sa pagbibiyahe, tingnan ang [mga kinakailangan ng Pambansang Code para sa mga apektadong mag-aaral sa kolehiyo na nagsasagawa ng online na pag-aaral.](#)

Pag-aabiso sa Kagawaran

Hindi mo kailangang abisuhan ang Kagawaran kung umuwi ka. O nagbago ang sitwasyon ng iyong pag-aaral.

Mananatiling may bisa ang iyong visa hanggang magsagawa ka ng isa pang aplikasyon ng visa, o lumipas ang iyong visa. Hindi mababago ang katayuan ng iyong visa kung umuwi ka na o ipinagpaliban ang iyong pag-aaral.

Mga mag-aaral na nakararanas ng pinansyal na paghihirap

Hinihikayat ka na umasa sa suporta ng pamilya, magtrabaho nang part-time kung saan maaari at sa iyong sariling ipon para masuportahan ang sarili sa Australia.

Kung hindi mo kayang suportahan ang sarili mo, dapat kang mag-ayos ng pag-uwi sa iyong karaniwang bansang pinagmulan. Isa itong kondisyon ng lahat ng visa ng estudyante kung saan may akses ang mga may-ari sa mga pondo para suportahan ang kanilang sarili sa buong tagal ng kanilang pananatili sa Australia.

Maaaring i-akses ng mga mag-aaral na nananatili sa Australia nang mahigit na sa 12 buwan na nakararanas ng pinansyal na paghihirap ang kanilang Australian superannuation.

Sumangguni sa [webpage ng Opisina ng Pagbubuwis sa Australia sa maagang pag-akses sa superaannuation](#)

Visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19

Kung lilipas na ang iyong visa ng estudyante, hindi ka kasalukuyang makakauwi at hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa, maaari kang maging kwalipikado para sa [Pansamantalang Aktibidad \(Subclass 408\) stream ng Itinataguyod na Kaganapan ng Gobyerno ng Australia \(Visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19\).](#)

Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang akses sa sapat na pondo para makapagbayad ng karagdagang singil sa aplikasyon sa visa (visa application charge o VAC).